ARALIN

3

Panlingguhang Layunin

**Pag-unawa sa Napakinggan**

Naibibigay ang paksa ng napakinggang teksto F5PN-Ic-g-7

**Wikang Binibigkas**

Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa pamamagitan ng pagsasadula F5PS-Ic-f-6.1

**Gramatika**

Nagagamit nang wasto ang mga pangngalan at panghalip sa pagtalakay tungkol sa sarili, sa mga tao, hayop, lugar, bagay at pangyayari sa paligid F5WG-Ia-e-2

**Pag-unlad ng Talasalitaan**

Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng tono o damdamin F5PT-Ic-1.15

**Pag-unawa sa Binasa**

Nasasagot ang mga tanong sa binasang tekstong pang-impormasyon F5PB-Ic-3.2

**Pagsulat**

Nababaybay nang wasto ang salitang natutuhan sa aralin / hiram F5PU-Ic-1

**1**

**Layunin**

- Naibibigay ang paksa ng napakinggang kwento / usapan
- Naisasalaysay muli ang napakinggang teksto sa pamamagitan ng pagsasadula

**II. A. Paksang Aralin**

Pagbibigay ng Paksa sa Napakinggang Kwento / Usapan

"Si Annie, ang Kusinera"

**B. Sanggunian**

Filipino: Daan Tungo sa Pagbabago at Pag-unlad 3, pp. 113-115

F5PN-Ic-g-7, F5PS-Ic-f-6.1

**C. Mga Kagamitan**

Kwento, larawan, metacards, puzzle pieces

**III. Pamamaraan**

**1.** Pagsasanay
Pagbabasa ng mga parirala

**2.** Balik-Aral

Kayarian ng Pangngalan

Itanong:
1. Ano-ano ang kayarian ng pangngalan?
2. Magbigay ng mga halimbawa.

**3.** Mga Gawain

**A.** Pagganyak
Itanong:
a. Sino ang naghahanda ng pagkain ninyo sa bahay?
b. Masarap ba siyang magluto?
c. Ang pagkain bang masarap ay lagging masustansya?

**B.** Paglalahad
Pangkatin ang klase sa 5. Bigyan ng puzzle ang bawat pangkat. Ang imahe ang kanilang bubuuin upang magkaroon ng ideya sa gagawing pakikinig.



**C.** Pagtatalakay

Ibibigay ng guro ang mga pamantayan sa pakikinig.

Basahin ng guro ang "Si Annie, Ang Kusinera"

1. Si Annie ay isang kusinera. Kilalang-kilala siya sa bayan ng Dansalan dahil napakasarap niyang magluto. Bihira ang handaanlalo na kung pista na hindi siya ang nagluluto. Marami siyang alam na lutuin tulad ng mga pagkaing Pilipino, Intsik, Espanyol, at Italyano.

Itanong:
Sino ang kusinera?
Saang bayan siya kilalang-kilala? Bakit?
Ano ang mga alam nyang lutuin?
(Ipagpapatuloy ang pagbabasa)
Ano kaya ang diwa ng talatang ito?

2. Bukod sa mahusay mangusina si Annie, napakamalikhain pa niya sa mga inihahandang pagkain. Masarap at kasiya-siya ang mga pagkaing inihahanda niya. Napananatili niya

ang likas na kulay at lutong ng gulay. Iba-ibang hugis ang ginagawa niya sa mga sangkap na sili, luya, at sibuyas. Napabubuka niya ang repolyo na akala mo ay isang malaking rosas.

Itanong:

Ano pa ang mga kayang gawin ni Annie?

Ano kaya ang diwa ng talatang ito?

3. Katakam-takam! Masarap at maganda na ang mga ulam na luto ni Annie, mabango pa ito. Nakalilikha siya ng amoy ng ulam na kapag nalanghap mo ay gugutumin ka. Marami ang nagtatanong kung ano ang kanyang sikreto kung bakit kahit kaunti lang ang sahog ay nakatatakam ang luto niya,

Itanong:

Paano inilarawan ang ulam na luto ni Annie?

Ano kaya ang diwa ng talatang ito?

4. Iisa lang ang sagot niya sa mga nagtatanong. Ang kanyang mga iniluluto ay pawing sariwa, masustansiya, at mura. Ang lasa at sarap ng pagkain ay umaayon sa tamang sangkap na ginagamit niya sa pagluluto. Maayos niyang iniluluto ang mga sangkap. Pinalalambot muna ang karne bago isama ang gulay. Dapat hindi hilaw o hindi labog ang pagkakaluto. Tama ang lapot o labnaw ng sabaw. Katakam-takam ang anyo at kulay. Tama ang lasa at pagkakatimpla, yun ang sikreto niya.

Itanong:

Ano-ano ang sikreto sa pagluluto ni Annie?

Ano kaya ang diwa ng talatang ito?

**D.** Pagpapayamang Gawain
Ipagawa ang Pagyamanin Natin. Ibatay ang iskor ng grupo sa rubrik.

***Rubrics para sa Maikling Dula-dulaan***

| | 20 | 15 | 10 | 5 |
|---|---|---|---|---|
| Kasanayan 20 | Sauladong-saulado ang mga linyang binitiwan. | May iilang linyang nakalimutan ngunit nakakasabay pa rin sa usapan. | Maraming linya ang nakalimutan at di gaanong nakakasabay sa takbo ng usapan. | Iilan lamang ang nasaulo at halos nawawala sa usapan. |
| Tono at boses 15 | Madamdaming-madamdamin ang paglalahad at malakas ang boses. 15 | Madamdamin ang paglalahad ngunit medyo hindi malakas ang boses. 10 | Kulang sa damdamin ang paglalahad ngunit medyo di malakas ang boses. 5 | Matamlay,walang damdamin ang paglalahad at mahina ang boses. 1 |
| Ekspresyon ng mukha 15 | Makahugang – makahulugan ang pagpapakita ng damdamin. | Di gaanong nabigyang kahulugan ang damdamin. | Kulang na kulang ang pagbibigay kahulugan sa damdamin. | Walang damdaming nabigyang kahulugan. |

Isunod na gawin ang Isaisip Mo.

**E.** Paglalahat
Sa anong paraan pa maisasalaysay muli ang isang kwentong napakinggan?
Mga posibleng sagot:

- Pagddrowing o paggawa ng komiks
- Pagbubuod

**F.** Paglalapat
Sagutan ang Isapuso Mo

**IV. Pagtataya**
Sagutin ang Isulat Mo

**V. Takdang Aralin**

Tukuyin sa mga pangungusap ang mga pangngalan. Salungguhitan ang mga ito.

1. Darating ang pamangkin kong galing sa ibang bansa.
2. Natumba ang bangkong nasagi niya.
3. Sumama ang ate ko sa *field trip.*
4. Kahanga-hanga ang ganda ng Boracay.
5. Aalis ngayon ang tiyo ko.

**2**

**Layunin**

- Naiisa-isa ang kasarian ng pangngalan
- Naibibigay ang kasaian ng bawat pangngalan
- Nakapagbibigay ng halimbawa sa bawat kasarian

**II. A. Paksang Aralin**
Kasarian ng Pangngalan

**B. Sanggunian**

Pag-Unlad sa WIka at Pagbasa, pahina 42-47

Kamalayan, Wika at Pagbasa Work Texts, pahina 113-116

https://samutsamot.com

F5WG-Ia-e-2

**C. Mga Kagamitan**

Tula, mga larawan, real objects

## III. Pamamaraan

**1.** Pagsasanay
Pagbasa ng mga parirala

**2.** Balik-aral
Ano ang paksa ng napakinggang kwento kahapon?
Saan natin madalas makita ang paksa ng isang kwento?

**3.** Mga Gawain

**A.** Pagganyak
Ipakita ang larawang nasa **Tuklasin Mo** sa mga bata. Tanungin kung ano-ano ang kanilang nakikita.Isulat sa pisara ang mga ito.
Mga maaaring sagot:
Nanay, Park, Bata, lobo, babae, lalaki, lolo, lola, bisikleta, skateboard, gusali, baby, atbp..

B. Paglalahad

Bumuo ang bawat isa ng limang mag-aaral sa isang grupo. Base sa mga naging sagot ng mga bata na nakasulat sa pisara, bigyan ng manila paper ang bawat grupo. Pagsama-samahin ang sa palagay nila ay magkakaugnay.Bigyan lamang ng tatlong minuto sa pagsagot. Ipaskil muna sa pisara at hayaang maanalisa ng mga mag-aaral ang kani-kanilang mga sagot at ipapaliwanag ang mga ito.

**C.** Pagtatalakay
Ipabasa ang tula na nasa **Basahin Mo.** Ipapansinin ang mga salitang may salungguhit. Alin sa mga ito ang tumutukoy sa lalaki? Sa babae? Sa di-tiyak kung anong kasarian? At alin ang walang kasarian?

**D.** Pagpapayamang Gawain
Ipagawa ang Gawin Natin.
(Gabayan ang mga bata sa pagsagot)

| Panlalaki | Pambabae | Di-tiyak | Walang Kasarian |
|---|---|---|---|
| tito, binata, hari, ninong, papa, kuya | lola, tinder, ina, prinsesa, doktora, binibini | kaibigan, aso, guro, kapatid, asawa, nars, mag-aaral, bisita | radyo, bahay, puno, paaralan, araw, tubig, ilaw, gamot |

Sunod na pasagutan ang **Isaisip Mo.**

1. L 2. L 3. B 4. L 5. L 6. L 7. B 8. B 9. B 10. B

**E.** Paglalahat

Itanong:
Ano-ano ang mga kasarian ng pangngalan?
Magbigay ng mga halimbawa sa bawat kasarian.

**F.** Paglalapat
Sagutan ang **Isapuso Mo.**

1. ✓ 2. ✗ 3. ✓ 4. ✗ 5. ✓

**IV. Pagtataya**

Sagutan ang **Isulat Mo**.

1. tindera
2. nanay
3. ninong
4. binata
5. piloto
6. doktora
7. tatay
8. kusinero
9. bukid
10. magsasaka

**V. Takdang Aralin**

Magbigay ng tig-lilimang halimbawa ng bawat kasarian ng pangngalan. Ang mga halimbawang ibibigay ay hindi nakasama sa ating tinalakay o ibinigay na halimbawa.

3

**Layunin**

- Naibibigay ang kahulugan ng salitang pamilyar at di-pamilyar sa pamamagitan ng tono o damdamin.

**II. A. Paksang Aralin**

Pagbibigay Kahulugan ng Salitang Pamilyar at Di-Pamilyar sa Pamamagitan ng tono o damdamin.

**B. Sanggunian**

**https://school.quipper.com/en-PH/courses/filipino-grade-5-k-12/kahulugan-ng-salita pamilyar-at-di-pamilyar-gamit-ang-pagbibigay-halimbawa.html**

Kamalayan Wika at Pagbasa Work Teks, pahina 137-140

F5PT-Ic-1.15

**C. Mga Kagamitan**

Larawan, Metacards

**III. Pamamaraan**

**1.** Pagsasanay
Pagbasa ng mabilis (mga parirala)

**2.** Balik-aral
Anu-ano ang kasarian ng pangngalan. Magbigay ng mga halimbawa.
Pagtatama ng takdang aralin.

**3.** Mga Gawain

**A.** Pagganyak

Ipapanood ang bidyo.
**https://www.youtube.com/watch?v=dNP5BzrBiOg**

**B.** Paglalahad
Ipaliwanag na ang tono at damdamin ay halos makikita, madidinig o madarama ng isang tao.

**C.** Pagtatalakay

Ipabasa ang kwento na nasa **Basahin Mo.** Ipapansin ang damdamin ng nagkukwento. At maging ng pangunahing tauhan. Maaaring tanungin kung anong damdamin pagkatapos ng bawat talata.

**D.** Pagpapayamang Gawain
Gawin ang **Pagyamanin Mo**

**E.** Paglalahat
Ano ang tono?
Ano ang damdamin?
Paano natin magagamit sa pangungusap ang mga salitang ito?

**F.** Paglalapat
Sagutan ang **Isapuso Mo.**

**IV. Pagtataya**
Sagutan ang **Isulat Mo.**

**V. Takdang Aralin**

Maghanap sa internet ng isang kwentong bayan.

## 4

**Layunin**

- Nasasagot ang mga tanong sa binasang tekstong pang-impormasyon.
- Nakakukuha ng mga kaalaman sa mga nabasang teksto.

**II. A. Paksang Aralin**
Pagsagot sa mga Tanong sa Binasang Tekstong Pang-impormasyon

**B. Sanggunian**

www.rexinteractive.com

https://www.youtube.com/watch?v=DR01fCosaxE&

http://www.remate.ph/2010/10/kalusugan-ng-bata-sigurado-basta-i-gp-mo/

Filipino: Daan Tungo sa Pagbabago at Pag-unlad 3, p. 69.

F5PU-Ic-1

**C. Mga Kagamitan**

Kwento, Larawan, Metacards, youtube

## III. Pamamaraan

**1.** Pagsasanay
Pagbasa ng mga parirala

**2.** Balik-aral
Itanong:
Ano ang kasarian ng pangngalan?
Ilabas ang takdang-aralin at itatama ng guro.

**3.** Mga Gawain

**A.** Pagganyak
Ipapanood sa mga mag-aaral ang isang balita o teksong pang-impormasyon. Panoorin ito sa link na: https://www.youtube.com/watch?v=DR01fCosaxE&
Ipaalala sa mga bata ang mga dapat at di-dapat gawin sa panonood.

Ipasagot ang mga tanong pagkatapos.
Itanong:

1. Tungkol saan ang napanood o napakinggan?
2. Paano maiiwasan ang *dengue*?
3. Ilan ang nagkasakit ng *dengue* sa Pilipinas noong 2009?
4. Saan nabubuhay ang lamok na nagdadala ng *dengue*?
5. Ano ang sintomas ng *dengue fever*?

**B.** Paglalahad
Itanong:
Ano-ano pa ang mga hakbang na maaring gagawin upang maiwasan ang dengue?
Bakit kaya kailangang maglabas ng mga impormasyong kagaya nito?
Ano ang maitutulong ng mga impormasyong ito sa buhay ng isang tao?

**C.** Pagtatalakay
Ipabasa ang **Basahin Mo**.

http://www.remate.ph/2010/10/kalusugan-ng-bata-sigurado-basta-i-gp-mo/

**D.** Pagpapayamang Gawain
Ipagawa ang Pagyamanin Natin.

**E.** Paglalahat
Itanong:
Bakit kailangang pahalagahan ang ating kalusugan?
Ano-ano ang dapat nating maunawaan sa tekstong ating nababa?

Dapat bang paniwalaan ang lahat ng mga bagay na ating nababasa?

**F.** Paglalapat
Sagutan ang **Isapuso Mo.**

**IV. Pagtataya**
Sagutan ang **Isulat Mo.**

**V. Takdang Aralin**
Napakaraming uri ng mga karamdaman na nagpapahina sa katawan ng tao at nagdudulot ng kamatayan sa iba. Kilalanin mo ang mga karaniwang sakit ng mga tao ngayon. Makikita sa tsart sa ibaba ang ilang halimbawa ng sakit. Maaring gamitin ang diksyunaryo o *internet* upang kumuha ng mga impormasyon tungkol ditto. Kung gusto mo, maaari kang magtanong kina Nanay at Tatay.

| **Mga Sakit** | **Kahulugan at Impormasyon** |
|---|---|
| 1. sipon | |
| 2. ubo | |
| 3. hika | |
| 4. tigdas | |
| 5. lagnat | |

## 5

**Layunin**

- Nababaybay ng wasto ang salitang natutuhan sa aralin / hiram.

**II. A. Paksang Aralin**
Pagbibigay ng Paksa sa Napakinggang Kwento / Usapan

**B. Sanggunian**

http://teksbok.blogspot.com/2012/06/paghihiram-ng-mga-salita.html

Bagong Filipino sa Salita at Gawa 5, pp. 92-9

Hiyas sa Pagbasa 5 – Binagong Edisyon

F5PN-Ic-g-7, F5PT-Ic-1.15

**C. Mga Kagamitan**

kwento, larawan, metacards

## III. Pamamaraan

**1.** Pagsasanay
Pagbabaybay ng mga salitang-hiram

**2.** Balik-aral
Pag-tsek ng takdang aralin na inihanda ng mga bata

**3.** Mga Gawain

**A.** Pagganyak

Ipapanood ang youtube video na ito. Ipaalala ang mga dapat at di-dapat gawin sa panonood. Sabihin din sa mga bata na maari nilang isulat sa kanilang kuwaderno ang mga importanteng salita na kanilang makikita at maririnig.

https://www.youtube.com/watch?v=YA-ans78i8o

Itanong: Ano-anong mga salitang-hiram ang iyong nadinig at ang katumbas nito sa ingles?

Mga sagot:
1. haynayan – biology
2. bilnuran – arithmetic
3. miktiinig – microphone
4. pang-ulong hatinig – headset
5. sulatroniko – e-mail
6. pook-sapot – website
7. pantablay - charger

**B.** Paglalahad

Itanong:
1. Anu-anong pagbabago ang nangyayari sa ating bansa na iyong napapansin?
2. Ano ang naidudulot nito na maganda sa ating mga mamamayan?
3. Bakit kailangan na magkaroon ng mga pagbabagong ito?
4. Ang teknolohiya ba ay may mabuti o masamang maidudulot sa mga kabataan?
5. Anong mga makabagong kagamitan ang nakatutulong sa iyong pag-aaral? Paano?
6. Mayroon ba kayong dalang mga makabagong kagamitan?

**C.** Pagtatalakay

Ipabasa ang **Basahin Mo.**

Itanong sa mga bata:
1. Paano inilarawan ang mabilis na pagbabagong nagaganap sa bansang Pilipinas?
2. Isa-isahin ang mga pagbabagong nagaganap sa paaralan.
3. Ang pagkakaroon ba ng makabagong kagamitan ay nagpapakita ng maunlad na bayan? Panindigan ang iyong sagot.
4. Ano ang makabagong kagamitan ang gusto mo na maaaring makatulong sa kaunlaran ng bansa?

**D.** Pagpapayamang Gawain
Sabihin: Pansinin ang mga salitang nakahilig. Ano ang tawag sa mga salitang ito? Isulat ang mga salita sa pisara at tulungan ng guro na baybayin ang mga salitang ito.

Halimbawa:

| Salitang Hiram | Baybay-Filipino | Kahulugan |
|---|---|---|
| 1. computer | 1. kompyuter | 1. Ang **kompyuter** ay isang makina o *electronic device* na ginawa para mapabilis ang mga gawain tulad ng pagbibilang o pagkokompyut. |

Pagkatapos, sagutan ang **Pagyamanin Natin** at **Isaisip Mo.**

**E.** Paglalahat
Bakit kailangang baybayin ang mga hiram na salita?
Magiging maunlad ba ang ating bansa kung hindi tayo nanghiram ng mga salita? Panindigan ang iyong sagot.

**F.** Paglalapat
Sagutan ang **Isapuso Mo**

**IV. Pagtataya**
Sagutan ang **Isulat Mo.**

**V. Takdang Aralin**
Isulat sa patlang ang wastong baybay ng hiram na salita gamit ang alpabetong Filipino.

1. index
2. campus
3. magazine
4. guapo
5. cuatro